**Steve Kamper**
Minister for Small Business
Minister for Lands and Property
Minister for Multiculturalism
Minister for Sport

# Media Release

## Magkakabahagi ang mga samahan ng komunidad sa mahigit $500,000 upang makatulong sa pagpapanatiling malakas ang pagkakaisa sa NSW

*Miyerkules, ika-25 ng Setyembre 2024*

Ang mga grupo ng komunidad na multikultural at magkakaibang pananampalataya ay masusuportahan upang magdaos ng mga lokal na pagdiriwang at kaganapan sa tulong ng kabubukas na Stronger Together Grants Program ng Multicultural NSW.

Ang pagpopondong ito ay karagdagan sa $500,000 na pinunduhan ng Pamahalaan ng NSW sa halos 80 na mga kaganapang pangkultura at pagdiriwang ngayong taon.

Ang mga kwalipikadong organisasyon ay maaaring mag-aplay para sa mga pagpopondong nasa pagitan ng $5,000 at $20,000 upang makatulong sa pagbuo ng mga kapistahan na nagdiriwang at yumayakap sa masiglang pagkakaiba-iba ng mga kultura sa ating estado.

Bawat taon, daan-daang mga lokal na not-for-profit organisation sa buong NSW ay gumagamit sa Festival and Event grants upang ipagdiwang ang kanilang minanang kultura at magbahagi ng pagkain, musika at kasayahan sa komunidad.

Pinangangasiwaan ng Multicultural NSW ang mga pagpopondo sa ngalan ng Pamahalaan ng NSW.

Ang mga aplikasyon sa pagpopondo ay magwawakas sa Biyernes, ika-11 ng Oktubre, alas-5 ng hapon at may plinanong sesyong pang-impormasyon sa ika-3 ng Oktubre, alas-11 ng umaga.

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-aplay, bisitahin ang https://multicultural.nsw.gov.au/stronger-together-events-festivals/

**Ayon kay NSW Minister for Multiculturalism Steve Kamper:**

“Ang mga pagdiriwang na ito ay hindi lamang magpapamalas ng sigla at kasaganaan ng mga komunidad ng NSW upang maibahagi at ikatuwa ng lahat, ngunit ang mga ito ay mahalaga rin para sa pag-uunlad ng ating estado.”

“Ang pagkakaiba-iba ng mga kultura ay isang mahalagang bahagi ng ating pagkakakilanlan at paraan ng pamumuhay sa NSW at isang bagay na hindi natin dapat na balewalain.”

“Hinihimok ko ang lahat ng mga nag-oorganisa sa mga kaganapan ng komunidad sa NSW na interesado sa paghahatid ng mga kapistahan at pagdiriwang na sumusuporta sa pagkakaisa ng komunidad sa 2025 na mag-aplay!”

**MEDIA:** Jonathan Symons | **Minister Kamper** | 0407 488 158